# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 20, 2022

## ST305 Soteriology: 5. Atonement

### Ang Paghuhugas ng Kasalanan ng Bayan ng Diyos

Ang pag-aaralan natin ay post-fall, matapos magkasala sina Adan at Eba. Sinuway nila ang Lord kaya iyon ang consequences ng kasalanan, nakita nila na sila ay hubad. Ganito ang sinasabi sa atin ng Genesis 3:7-8: . . . *nabuksan nga ang kanilang mga mata, at nakita nilang sila'y hubad; kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos upang gawing panakip sa kanilang katawan. Sa kalamigan ng panahon ng araw na iyon, narinig ng mag-asawa ang yabag ng Panginoong Diyos sa Kanyang paglalakad sa hardin; kaya sila ay nagkubli sa mga puno sa hardin upang magtago.* Consequences ng sin, nakita natin dito ang *shame* (pagkahiya), *fear* (takot) at *guilt* (pag-uusig ng budhi) at pagkahiya *(shame).*

Nang magkaroon si Isaiah ng pangitain tungkol sa kabanalan ng Diyos, siya ay napahiyaw at nagsabing: *Sa aba ko! Wasak na ako! Sapagkat ako'y taong may maruming mga labi, at naninirahan sa kalagitnaan ng mga taong may maruruming labi, at nakita ng mata ko ang Hari, ang Makapangyarihang Panginoon* (Isaiah 6:5).

Nang mapagwari ni Pedro kung ano ang nangyayari sa kanyang paligid, kung natatandaan ninyo ang kuwento nang wala siyang nahuli magdamag. Tapos dumating si Cristo at pumunta si Cristo sa kanyang bangka at sinabi sa kanyang doon sa kanan itapon ang kanyang lambat. Napuno ng isda ang lambat at na-realize ni Pedro na itong kaharap niya is no ordianry man, nagpatirapa siya sa paanan ni Jesus at nagsabing: *Lumayo Kayo sa akin Panginoon; ako ay makasalanan* (Luke 5:8). Ang naging epekto sa makasalanang pagkatao ni Pedro ay tulad din sa epektong naranasan nila Adan, Eba at Isaiah - takot. Maging si Apostol Juan sa aklat ng Revelation ay nagpahayag ng ganito nang makita niya ang Panginoon: Nagpatirapa ako na parang patay sa Kanyang harapan.

Ayon sa Bibliya, hindi kakayanin ng makasalanang tao na ma-*expose* sa kabanalan ng Diyos. Maco-conscious tayo sa ating sobrang karumihan at hindi natin ito matatagalan. Kaya ang tanong ay, paano na tatayo at lalapit sa Diyos ang isang makasalanang tao?

Dito sa ating bansa, nauso na rin ang tatoo; matagal na. Hindi ito maiiwasan sapagkat hanggang ngayon ay gaya-gaya puto-maya pa rin ang mga Pilipino sa mga Americano. Kung ano ang ginagawa sa America, gagawin din dito. Subalit ang tatoo ay hindi basta-basta natatanggal. Ilang ulit mo mang hugasan ng tubig at sabon, hindi ito maaalis. Kaya naman kapag pinagsisihan ang pagpapatatoo, hindi malaman kung paano pagtatakpan ito. Ang kasalanan ay parang tatoo. Hindi ito mahuhugasan o matatanggal ng basta. Ang nabuhos lamang na dugo ni Cristo sa krus ng Kalbaryo ang tanging makaaalis ng tatoo ng kasalanan.

Sina Eba't Adan nga ay gumawa ng panaklob sa kanilang *guilt and shame*. Subalit ito ay hindi sapat. Ang Diyos ang gumawa ng pansamantalang kaparaanan para matakluban ang bagabag ng konsensya at kahihiyang inukit ng kanilang kasalanan. Sinasabi sa atin ng Genesis 3:21 ang ganito: *Ang Panginoong*

*Diyos ay gumawa ng mga kasuotang yari sa balat ng hayop para kay Adan at sa kanyang asawa, at dinamitan sila*. Kaya mayroong ginawang way ang tao; mayroon tayong kaparaanan na ginagawa, in dealing with our circumstances and our situations. Ang gusto natin ay iyong ating style pero mayroong kaparaanan ang Diyos. In the case of Adam and Eve, ang Diyos ang nagbalot ng kanilang kahihiyan. And in the process, may isang hayop na namatay kasi iyong pinangbalot ng Lord sa kanila, ang idinamit ng Lord sa kanila ay iyong balat ng hayop. Ibig sabihin, may namatay, may nag sacrifice ng kanyang buhay, nabuhos ang dugo. Iyon ang unang picture na nakatago sa kuwento iyon, about the sacrifice, the shedding of blood of the Lord Jesus, he is going to make in the fullness of time.

SA Old Testament, ang *atonement* ay ang pagtataklob ng kasalanan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang handog o *sacrifice* na kakatawan o hahalili sa nagkasala. Iyong ginawa ng Lord ay iyong unang picture ng *substitution*. Namatay ang hayop para ipambalot sa kanila. Remember iyong palitan, may binalot sa atin. Ang kasalanan natin ay napunta sa hayop na tinitipo noong panahon na nakaturo lahat iyon sa Krus ng Kalbaryo kung saan namatay si Cristo, ang kasalanan natin ay napunta sa Kanya at ang Kanyang kabanalan ay idinamit ng Lord sa atin. So we are now clothed in the righteousness of Christ. Kaya ang mga nagtuturo na kaya nating i-save ang ating sarili, all you have to do is make the decision for Christ – wala silang idea what atonement means, what redemption means. Wala silang idea sa plano ng Lord kung paano ang Kanyang bayan ay maliligtas.

Ang *provision* ng Diyos sa problema ng bagabag ng consensya at kahihiyan ng taong hindi karapat-dapat na tumayo sa harapan ng Banal na Diyos ay maliwanag na inilalarawan sa Lumang Tipan - - sa pamamagitan ng paghahandog ng mga hayop. Ang dugo ng mga hayop na ihinahandog ay ginagamit bilang panaklob sa mga kasalanan ng taong makasalanan. Ang ceremonyang bumabalot dito ay punong-puno ng pagsasalarawan. Ito ang *atonement* sa Lumang Tipan. Ngunit ang paghahandog ng mga hayop ay nagtuturo lamang sa tunay na pag-aalay. Ang pag-aalay ng *Tupa ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan* (John 1:29). Hindi lamang dumanak ang dugo ni Jesus upang matakluban ang mga kasalanan kundi ito ay dumanak upang hugasan at alisin ang tatoo ng mga kasalanan ng sambayanan ng Diyos. Di katulad ng paulit-ulit na paghahandog ng mga hayop, ang ganap na paghahandog ni Jesus ng Kanyang buhay ay minsan lang ginawa para sa lahat. Sapagkat ito'y ganap, hindi na kailangang ulit-ulitin pa. Ito ay isang maliwanag na katuruan sa aklat ng Hebrews.

Ang *Day of Atonement* ay ang pinaka-importante at pinaka-maringal na araw sa *religious calendar* ng mga Judio. Sa araw na ito, ang kanilang *high priest* ay naghahandog ng isang kambing para sa kasalanan ng bansa. Siya ay pumapasok sa *holy of holies,* sa Tabernacle ng Lord, siya lang ang makakapasok doon. Matapos niyang maligo, magsusuot siya ng isang special garment at mag-sacrifice ng isang bull para sa kanyang kasalanan at kasalanan ng kanyang pamilya, iwiwisik niya ang dugo ng pinatay na kambing sa trono ng awa (Arch of the Covenant) upang mabayaran ang kasalanan ng bayan. Ito ay another type pointing to that time na ang Lord ang Siyang mag-aalay ng Kanyang buhay at ang Kanyang dugo ang siyang mabubuhos. Itong animal sacrifices na iyan, even iyong nangyari kila Adam and Eve, all pointing to the cross at Calvary.

Pagkatapos mag-*atone* ng high priest, ikukumpisal niya ang lahat ng mga nagawang kasalanan noong nakalipas na taon sa ulunan ng ikalawang kambing (ang tawag ay escape goat). Ang pangalawang kambing na ito ay pinawawalan sa ilang upang ilarawan ang pagkatanggal ng kasalanan ng mga Isaraelita. Ito naman iyong ating forgiveness of sins. May escape goat na ginamit ang Diyos para magdala ng ating kasalanan. Kailangang ulitin ang *Day of Atonement* kada taon; ngunit ang paghahandog ng mga hayop ay nagtuturo lamang sa tunay na pag-aalay. Ang pag-aalay ng tupa ng Diyos na mag-aalis ng

kasalanan ng sanlibutan. Sinabi iyon ni John the Baptist, Behold the Lamb of God who takes away the sin of the world. Hindi lamang dumanak ang dugo ni Jesus upang matakluban – katulad ng ginawa sa Day of Atonement, covering lang iyon – kundi ito ay dumanak upang hugasan ang mga kasalanan ng sambayanan ng Diyos. Iyon ang atonement, it's the washing of our sins. Hinugasan tayo, hindi lang tinakluban. Iyong pagtataklob sa Old Testament is just a type o larawan ng gagawin ni Cristo na paghuhugas ng ating mga kasalanan. Ang paghahandog ng mga hayop ay nagtuturo lamang sa tunay na pag-aalay. Ang pag-aalay ng *Tupa ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan* (John 1:29).

Ang tanong ay ito, *Kaninong mga kasalanan ang hinugasan ng dugo ni Jesu-Cristo*? Sa ibang paraan ng pagtatanong: *Para kanino namatay si Jesus*? Ang mas tumpak na katanungan ay ito: *Ang dugo ba ni Cristo ay para sa pangkalahatang pantubos ng mga kasalanan ng buong sanlibutan o ito ba ay pantubos para lamang sa Kanyang sambayanan, para sa Kanyang mga hinirang*? Bago masagot ang katanungang ito, may isa pang anggulo sa *doctrine of atonement* na dapat nating talakayin - - ang paksa sa Romans 5:9-10, na ganito ang sinasabi: *Yamang pinawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugo, lalo nang maliligtas tayo sa poot ng Diyos sa pamamagitan Niya. Sapagkat kung noon na kaaway pa tayo ng Diyos ay napagkasundo tayo sa Kanya sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, lalo na tayong maliligtas sa pamamagitan ng Kanyang buhay ngayong napagkasundo na tayo.* At ang paksa sa 2 Corinthians 5:21 na ganito ang nakasaad: *Siya na walang kasalanan ay ginawa ng Diyos na maging makasalanan para sa atin upang sa Kanya tayo ay maging katuwiran ng Diyos.*

May ilang bagay ang may kinalaman sa *atonement*: Ang una ay ang pagwawalang-sala *(justification)*. Ang ibig sabihin ng pagwawalang-sala ay ang pagdedeclara na ang tao ay hindi uusigin, because we were justified pwede na tayong humarap sa Diyos. Bakit? Sapagkat hindi lamang niya tinakluban ang ating mga kasalanan but we had been clothed with the righteousness of Christ. Ang ikalawa ay ang pagpapayapa *(propitiation o appeasement)*. Ang ibig sabihin ng pagpapayapa ay ang pagkakaroon ng kapayapaan sa Diyos dahil sa pakikipagkasundo *(reconciliation)*. Na-reconcile na tayo kaya we have the ministry of reconciliation because Christ was made to be sin for us that we might become the righteousness of God in Him. Napagkasundo na tayo, na-declare tayo na walang-sala, kaya na nating humarap and we have been reconciled. At ang ikatlo ay ang paghahalili *(substitution)*. Ang paghahalili ay ang pagpapatong ng ating mga kasalanan kay Cristo at ang katuwiran naman ni Cristo ay ibinalot sa atin! Ang tatlong bagay na ito ay mahalaga sa atonement. We have been declared not guilty, dahil wala na tayong kasalanan, so puwede na tayong humarap sa Lord dahil reconciled na tayo (diyan pumapasok ang adoption and all the other benefits), we are co-heirs with Christ. Na-satisfy sa krus ng Kalbaryo, binuhos ng Lord ang Kanyang galit sa kasalanan – iyong tinanggap lahat ni Cristo ang galit ng Diyos, nang dala-dala Niya ang kasalanan mo at kasalanan ko. Ito ang permanenteng pagwawalang-sala, pagpapayapa at paghalili na naging posible sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo ni Jesus.

Yamang pinawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugo lalo na tayong maliligtas sa poot ng Diyos sa pamamagitan Niya sapagkat lahat ito ay tinanggap na ni Cristo. Kung noon ay kaaway pa tayo ng Diyos ay napagkasundo tayo sa Kanya sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, lalo na tayong maliligtas sa pamamagitan ng Kanyang buhay ngayong napagkasundo na tayo. Ibig sabihin, kung ikaw ay mananampalataya and yet you are still a slave to sin, kasalanan mo na iyan. Pagkatapos baka nagtatampo ka pa sa Diyos o nagagalit ka pa sa Diyos kapag may masamang nangyayari sa buhay mo, this will not make sense kaya kailangang nag-aaral at nag-iisip lagi ang mga believers. Otherwise, baka isipin mo ngang hindi ka mahal ng Diyos o pinabayaan ka na ng Diyos. Iyan ay nanggagaling sa kaaway. Iyon ay kasinungalingan. Nangyari ito sa mga taga-Galatians. Pagkatapos itiuro ni Paul ang true gospel, pag-alis niya ay may mga pumapasok na mga false teachers, ginugulo ang gospel, dinadagdagan nila.

Kailangan ang obedience of the law. Baka may ganyang mangyari sa atin. Niligtas na tayo ni Cristo, pagkatapos ay babalikan ka ni satanas na – Di ba makasalanan ka? – ire-remind ka niya para ma-guilty ka. Huwag kang magpa-guilty sapagkat binayaran na ni Cristo ang lahat ng ating kasalanan.

Nakatala sa John 17 ang panalangin ni Jesus sa Ama bago Siya ipako sa krus. Sino ang ipinanalangin ni Jesus? Para sa mga naguguluhan, He prayed for His people. Ipinanalangin Niya ang mga taong ibinigay ng Ama sa Kanya mula sa sanlibutan. Sinabi Niya rin na hindi Siya nananalangin para sa buong sangkatauhan kundi para lamang sa mga ibinigay ng Ama sa Kanya. Exclusive ang prayer ni Cristo doon sa tinatawag nating High Priestly prayer. Bakit iyon lang ang inisip Niya at that time? Noong huling hapunan ng Panginoon, kinuha Niya ang saro, nagpasalamat at ibinigay Niya ito sa Kanyang mga disipulo. Sinabi Niya sa Matthew 26:27-28 ang ganito, *Uminom kayong lahat diyan. Ito ang Aking dugo ng bagong tipan, na mabubuhos para sa marami sa ikapapatawad ng mga kasalanan.* Ang sinabi ni Jesus, *para sa marami.* Hindi Niya sinabing para sa lahat ang pagbuhos ng dugo Niya. Magandang pagtuunan ng pansin na hindi Niya sinabing para sa lahat. Sinabi din sa Isaiah 53:11 patungkol kay Jesus ang ganito: *Pagkatapos ng pagdurusa ng Kanyang kaluluwa, makikita Niya ang liwanag ng buhay at Siya ay masisiyahan; Dahil sa Kanyang karunungan, marami ang mapawawalang-sala ng Aking lingkod na matuwid, at dadalhin Niya ang kanilang pagkakasala.* Marami ang mapapawalang-sala, hindi lahat. Sa susunod na talata, muling sinabi ang ganito patungkol kay Jesus: . . . *pagkat ibinuhos Niya ang Kanyang buhay hanggang kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga makasalanan. Pagkat dinala Niya ang kasalanan ng marami, at namagitan Siya para sa mga makasalanan.* Ng ano? Ng marami, hindi ng lahat. Hindi Niya dinala ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan. Sinabi ng may-akda ng Hebrews 9:28 ang ganito, . . . *Si Cristo'y inihandog nang minsanan upang linisin ang mga kasalanan ng maraming tao.* Sino ngayon itong *marami* na tinutukoy sa Bibliya? Siyempre, ang sagot sa katanungang iyan ay makikita sa sariling mga salita ni Jesus.

Sinabi ni Jesus sa John 10:14-15 ang ganito, *Ako ang mabuting pastol; nakikilala Ko ang Aking mga tupa at nakikilala rin nila Ako - - gaya ng pagkakilala sa Akin ng Ama at pagkakilala Ko sa Kanya* (mabigat ito sapagkat personal ang pagkakilala ng mag-Ama at personal din ang pagkakilala Niya sa Kanyang mga tupa) - - *at ibinibigay Ko ang Aking buhay para sa mga tupa.* Sa mga tupa at hindi para sa mga kambing. Alam natin na darating iyong time sa dulo ng panahon, na paghihiwalayin ang mga kambing at tupa. Kanino ibinuhos ni Cristo ang Kanyang dugo? Para sa Kanyang mga tupa. Personal Niyang kilala ang mga iyan - by name. Ganito ang sinabi ni Pablo sa 2 Timothy 2:19, *Alam ng Diyos kung sino ang sa Kanya.* Samakatuwid, maliwanag na ang tinutukoy na *marami* sa Bibliya ay ang mga tupa ni Jesus, sila na naging dahilan ng pagbuhos ng Kanyang dugo - - ang mga hinirang ng Diyos. Remember the covenant of redemption before time began, may kasunduan na. Nagbuhos ng dugo si Jesus para sa Kanyang mga tupa. Nagbuhos ng dugo si Jesus para sa mga ibinigay sa Kanya ng Diyos Ama. Nagbuhos ng dugo si Jesus para lang sa mga hinirang ng Diyos nang walang pasubali upang maging Kanya.

Ngunit maaaring may cumontra at magsabing, *Teka muna*! Kung si Jesus ay namatay para lang sa mga hinirang, bakit nakasulat sa 1 John 2:2 na si Jesus *ang pambayad handog para sa ating mga kasalanan. Hindi lang para sa ating mga kasalanan, kundi para sa mga kasalanan ng sangkatauhan*? At sa John 1:29 naman, tinukoy si Jesus bilang *Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.* Hindi lamang kasalanan ng mga hinirang kundi ng sangkatauhan. Hindi ba sinasabi ng mga talatang ito na nabuhos ang dugo ni Jesus para sa buong sangkatauhan? Magagandang tanong na may mahirap na kasagutan. *Good question!*

Una, tingnan natin ang kaisipan ng *universal atonement.* Mayroong *universal atonement* at ang anti-

thesis niyan ay *limited atonement or particular atonement.* Ang kaisipan ng universal atonement ay kung saan ang lahat ng kasalanan ng buong sanlibutan, simula kay Adan hanggang sa kahuli-hulihang tao na ipanganganak, ay in*atone* o hinugasan ng dugo ni Jesus. Kung ito ang kaso, wala ni isa ang dapat na mapunta sa impiyerno. Tama ba? Hinugasan ang kasalanan nila, bakit pa sila mapupunta sa impiyerno? Ano ang magdadala sa kanila sa impiyerno? Kapag hinugasan ang iyong kasalanan, justified ka na; nangyari na ang reconciliation; nangyari na ang appeasement; ang propitiation. Bayad na ang utang mo, bakit may pupuntang impiyerno, kung totoong tamang doctrina ang universal atonement at hindi ang limited o particular atonement. Personal na kilala ni Cristo ang Kanyang mga tupa, para doon lang Siya namatay. Ang dugo Niya ay para sa kanila. Sila iyong ililigtas Niya, kaya Siya nagpunta rito upang to seek and to save that which was lost. Not the entire humanity, no. Ngunit niliwanag ni Jesus sa Matthew 7:21 na *hindi lahat ay makapapasok sa kaharian ng langit, kundi iyon lamang na gumawa ng kalooban ng Kanyang Ama na nasa langit.* So, ano ang kalooban ng Kanyang Ama? Believe in the Lord Jesus Christ and you will be saved. Iyan ang kalooban ng Kanyang Ama, maniwala kayo kay Cristo at kayo ay maliligtas.

Question: Kung nahugasan na ang mga kasalanan ng lahat sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, ano ang maghuhusga sa kanila na dapat pa silang mapunta sa impiyerno?

Ang sagot: kailangang tanggapin si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas para magkaroon ng bisa ang atonement. So iyan ang sinabi ko kanina na kung mayroon kang pinihit sa Banal na Kasulatan, pananagutan mo iyan. Hahaba ang iyong error na maliit, lalaki ng lalaki. Kailangang sagutin mo iyon. The Bible does not contradict itself. Ito ang tinatawag na paradox – parang conflict pero hindi conflict. Nililiwanag natin kung paanong i-interpret itong dalawang grupo ng Bible verses na parang nagbabanggaan. Maliwanag, pinagpipilitan ng universal atonement, lahat ay maliligtas kasi lahat ay hinugasan ang kanilang mga kasalanan ng dugo ni Cristo. Pero, bakit nga may pupuntang impiyerno? Ito ngayon ang sasabihin ng dispensationalist camp, sasabihin nila na dapat tanggapin si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas para magkaroon ng bisa ang atonement. In other words, walang bisa. Ang ginawang pagbubuhos ni Cristo ng dugo ay walang bisa kung hindi mo Siya tinanggap as your personal Lord and Savior. Iyon ay dagdag sa katotohanan ng Bibliya. Hindi tinuturo ng Bibliya na ang magliligtas sa iyo ay iyong pagtanggap mo. Parang ikaw ang nagsasabi sa Diyos, Ako kailangan maligtas dahil tinanggap ko si Cristo.

Sa interpretation para sa mga nagtuturo ng salita ng Diyos, kailangan magaling tayong interpreter. Ang isang rule na tinatawag na analogy of faith na sinusunod natin, babanggitin ko lang ang dalawa ngayon.

a) Let scripture interpret scripture.
b) ipaliwanag ang Scriptura *written in general terms* sa liwanag ng katumbas na Scriptura (na may kaparehong paksa) *written in specific terms.* Maski sa Law, ganoon ang sinasabi, you interpret general law by means of the specific law.

General statement ang *He takes away the sin of the world.* Hindi lang ang kasalanan natin kundi lahat ng kasalanan ng sangkatauhan. Ito ang kaso sa ating pinag-uusapan. Ang *namatay si Cristo para sa Kanyang mga tupa* ay scripture written in specific terms. Iyong sinabi ni John the Baptist, *Behold the Lamb of God who takes away the sin of the world* – general statement. Ang sinabi ni John sa first letter niya ay, *Hindi lang para sa ating mga kasalanan, kundi para sa mga kasalanan ng sangkatauhan.* Paano mo i-interpret ito ngayon? Sinabi ni Cristo sa marami. Specific iyon, marami. Hindi ito general. So interpret mo ang general by means of the specific or particular. So ibig sabihin ng world na ginamit ni John the Baptist at iyong sangkatauhan na ginamit ni John ay ang lahat ng tupa ni Cristo, lahat sila ay nanggaling sa mundo,

mula sa lahat ng every tribe, every tongue, every nation, pinanggalingan iyan ng mga tupa ni Cristo. So sila ang world of the elect. Galing silang lahat sa mundo. So that is how iyong mga naniniwala sa particular atonement or limited atonement, iyon ang explanation nila dito sa paradox na ito. Ang universal atonement ay wala namang maipahayag na paliwanag kung bakit magkaiba. Ngayon, ang thesis at antithesis kapag nagkabanggaan, ang lalabas ay synthesis. Nagkakahalo ang katotohanan at kasinungalingan na nagbanggaan, ang lalabas ay synthetic para magkaroon ng pagkakaunawaan, na magproduce ng synthesis.

Noong 19th century, ipinaliwanag ni John Nelson Darby ang banggaan ng universal atonement, ang armenianism at ng calvinism na tinawag niya ngayon na middle road. So parang pareho kayong tama pero hindi pwede. Ngayon kailangan i-explain pa rin, bakit sinabi ni Cristo na specific ang Kanyang pagkamatay para sa bayan Niya. Ie-explain nila na to be fair, namatay si Cristo for all dahil kung hindi, hindi ito fair. Babalik na naman tayo sa kung fair ba? Kailangan niyan ay result ng human will – ng decision ng tao – kung hindi, sasabihin mo na robot ang tao dahil wala siyang decision. Kaya sinasabi ng mga dispensationalist na ang mga calvinist ay parang robot, walang free will. Subalit ang sinasabi ng mga calvinist na ang will ng tao remained free even after the fall. Ang nabilanggo ay ang godliness, godly desires ng tao. Kaya ang choices ng will ay puro selfish choices dahil iyon ang malakas sa kanyang puso, sa kanyang pagkatao – ang selfish desires. Iyon ang pinagpipilian niya sapagkat hindi niya naririnig ang godly desires. Nakokosiyensya siya pero nilalabanan niya ang kanyang konsiyensya. Pero free ang kanyang will dahil kung hindi, robot ka talaga. Ang tinuturo ng reformed theology ay the will will always carry out the strongest desires of the heart. Ang strongest desires niya ay puro sinful, kaya ang gagawin ng will ay i-carry out ito. Kaya ang conscience, sa halip na i-accuse ka, ine-excuse ka na niya. Kaya mali ang sinasabi ng mga dispensationalist na ang mga calvinist ay parang robot. Mali ang interpretation nila sa bondage of the will ni Martin Luther.

Paano nga nila ie-explain iyon? Kasi by grace so sundan natin ang idea ng universal atonement. Ang popular na paliwanag upang masagot ang tanong na ito ay: Hindi mabibigyang bisa ang paghuhugas ng kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo hanggat hindi tumatanggap ng ebanghelyo ni Cristo ang tao. Ito ang tinatawag na *doctrine of efficacy*. Nagiging effective lang o efficacious ang pagkabuhos ng dugo ni Cristo para sa lahat, totoo iyan dahil sinabi universal – sabi ni John, *who takes away the sin of the world.* Kung taken away na ang sin of the world, bakit pa sila huhusgahan? Hindi, kasi may condition. Lalabas na naman ang condition. Sa reformed theology, undconditional ang election – the sovereign will of God before the beginning of time, before anybody did anything good or bad, namili na ang Lord. Iyan ang Biblical sapagkat sinasabi iyan ng Bible. Para mai-explain ngayon ang dilemna, sasabihin nila na kailangan mong tanggapin si Cristo para ang dugo ni Cristo na nabuhos sa kalbaryo ay mai-apply sa iyo. Sapagkat kung hindi mo tinanggap si Cristo, balewala ang pagbuhos Niya ng dugo para sa iyo. Ito ang explanation na ginagamit sapagkat hindi maipagkakaila na may mga tao na pupunta sa impiyerno.

Ang mga naniniwala sa consepto na namatay si Cristo para sa lahat ng tao at ang Kanyang dugo ay nabuhos para sa lahat, ay nagsasabi na ang bisa ng atonement ay nasasa pagtanggap ng gospel message. Ibig sabihin niyan, ang universal atonement (labanan ng armenianism versus calvinism) at particular or limited atonement ay nagbanggaan at ang lumabas diyan ay ang synthesis sa conditional atonement. Condition na naman ito sa human will na kailangan tumanggap ang tao kay Cristo para siya ay ma-save.

Kung ito ay totoo na ang mga taong tatanggi sa *gospel message* ay yaong mga taong mapupunta sa impiyerno, paano na yaong mga taong hindi nakarinig ng ebanghelyo, gaya ng mga tao sa *dark side* ng Africa o Asia, o ang mga taong may kapansanan sa pag-iisip at walang kakayahang umunawa kung ano

ang sinasabi sa kanila? Paano ito ie-explain kung ang condition na para magkaroon ng effectiveness o efficacy ang dugo ni Cristo, kailangang tumanggap ng gospel message. Ang tanong nga ay paano iyong mga hindi nakatanggap ng gospel message? At kung ang huling hantungan ng tao ay nakasalalay sa kanyang pagtanggap o pagtanggi sa ebanghelyo ni Cristo, paano na ang mga sanggol na wala pang kamuang-muang nang sila ay pumanaw? Pupunta sa impiyerno. Bakit? Hindi kasi tumanggap kay Cristo. Siyempre, mag-iimbento ka na naman ng another justification, another reasoning, another pangangatuwiran. Ito ay never ending na pagdagdag ng pagdagdag sa katotohanan na nakalagay lang sa Bibliya at ang interpretation na ito ay palayo na ng palayo ay palayo ng palayo sa teaching ng Bible. Ito ang dapat nating pag-ingatan, ang ating paniniwala, ang pag-interpret natin ng Bibliya. Hindi tayo pwedeng sumuko sa human reason. Hindi natin puwedeng hintayin na ma-satisfy natin na ma-defend ang Diyos dahil iyon ang ginagawa – I am defending the integrity of God, na Siya ay fair. Kaya para maging fair ang God, ito ang nangyari. God does not need defending. Hindi Niya kailangang ipagtanggol ang sarili Niya sa mga hindi makaunawa ng Bibliya, iyong mga hindi ma-satisfy sa revelation ng God. Dahil ipagpipilitan natin, that in our fallen state, we want to define what is right. We want to define what is good. We stick to the message of the Bible.

Hindi maaaring interpret ang mga talatang John 1:29 at 1 John 2:2 ng literal dahil sa may mga tao na papunta sa impiyerno. Kaya ang figurative interpretation lang ang natitirang option. Ang option lang diyan ay ang dugo ni Cristo ay para doon lang sa mga pupunta sa heaven. Limited din ang bagsak even if you are a dispensationalist dahil hindi pwede ang universal atonement. Kaya ang choices lang ay universal atonement o limited atonement.

Namatay ba si Cristo para sa lahat o para lang sa mga hinirang ng Diyos – ang mga tupa na ibinigay sa Kanya ng Diyos Ama? Very specific, very particular ang mga statements na iyan. May tupa si Cristo na ibinigay ng Ama. Ang choices ngayon ay limited, either to those na tatanggap sa ebanghelyo o limited sa mga elect na tupa ni Cristo. Eitherway, limited ang atonement. Limited iyan to those who received the gospel message, who have accepted Christ o limited sa mga hinirang ng Diyos. Parehong totoo iyan na itong mga elect, para sa kanila namatay si Cristo. Ang mga elect, sila ang tatanggap kay Cristo, sila ang tatanggap ng gospel message.

Katulad nang nasabi na, *Ang Diyos ay makatarungan sa lahat ngunit Siya ay mahahabag lamang sa mga nais Niyang kahabagan* (Romans 9:15). Ang tatanggapin ng mga papunta sa impiyerno ay *justice at* ang tinanggap ng mga papunta sa langit ay *mercy*. Walang *injustice* sa Diyos.

Mahahadlangan ang pagtanggap ng *doctrine of particular atonement* kung hindi completo ang pagkaunawa sa kung ano ang nangyari sa krus ng Kalbaryo. Kung mauunawaan natin na hindi lamang itinuring ng Diyos na makasalanan si Cristo para sa mga *believers* kundi ang mga *believers* ay ginawang matuwid kay Cristo, hindi magiging mahirap tanggapin na ang mga taong wala kay Cristo ay hindi matuwid sa mata ng Diyos. Kaya, sila ay uusigin sa kanilang mga kasalanan. Nagdusa si Cristo sa makatuwirang kabayaran ng kasalanan ng Kanyang mga tupa. Ang mga hindi inari ni Cristo ay tatayo nang walang tagapatnugot sa harapan ng banal na hustisya.

## I. Multiple Choice

1. Ang consequences ng kasalanan nina Adan at Eba nang sila'y magkasala ay
    a. Pagsisinungaling at pakahiya
    b. Pagkatakot at pagkabalisa
    c. Pagkahiya at pagkatakot

2. Sina Isaiah at Pedro ay nakadama ng pagkaaba dahil sa
   a. Kanilang karumihan at kasalanan
   b. Kanilang estado sa buhay
   c. Kanilang kakulangan sa buhay

3. Ang hayop na namatay at nagbubo ng kanyang dugo para sa kasuotang yari sa balat nina Adan at Eba ay
   a. Kinakailangan dahil madaling masira ang mga dahoon para matakluban ang kanilang kahihiyan
   b. Sumisimbulo sa gagawing pagbuhos ng dugo ng Panginoong Jesus sa krus ng kalbaryo
   c. Kinakailangan dahil walang angkop na kasuotan para sa kanila.

4. Sa Lumang Tipan, ang dugo ng hayop na ihinahandog ay ginagamit bilang panaklob sa kasalanan ng tao. Sa ating panahon ngayon,
   a. Ang dugo ng Panginoong Jesus ang nagtataklob ng ating mga makasalanan sa harap ng banal na Diyos.
   b. Ang dugo ng Panginoong Jesus ang nagtataklob ng kasalanan ng lahat ng tao sa harap ng banal na Diyos.
   c. Ang dugo ng Panginoong Jesus ang nagtataklob ng kasalanan natin at ng buong sanlibutan sa harap ng banal na Diyos.

5. Ang tawag sa innermost part ng tabernacle ay
   a. Ark of the Covenant
   b. Holy of holies
   c. Altar

6. Ang atonement ay
   a. Ang pagtataklob ng kasalanan sa pamamagitan ng pagkukumpisal
   b. Ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan paggawa ng sakripisyo
   c. Ang pagtataklob ng kasalanan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang handog

7. Ang paghahandog ng mga hayop ay nagtuturo lamang sa tunay na
   a. Pag-aalay ng Kordero ng Diyos
   b. Pag-aalay ni Abraham ng kanyang anak na si Isaac
   c. Pag-aalay ni Moses sa holy of holies

8. Uminom kayong lahat diyan. Ito ang Aking dugo ng bagong tipan, na mabubuhos para sa _____________ sa ikapapatawad ng mga kasalanan.
   a. Lahat
   b. Sanlibutan
   c. Marami

9. Ang sabi sa Isaiah 53:11b, Dahil sa Kanyang karunungan, marami ang _________________ ng Aking lingkod na matuwid, at dadalhin Niya ang kanilang pagkakasala.
   a. Maliligtas
   b. Pawawalang-sala
   c. Mahihirang

10. Ang atonement ay
    a. Universal
    b. Particular
    c. Universal at particular

11. Ang tinatawag na unforgivable sin ay ang
    a. Paglapastangan sa Banal na Espiritu
    b. Paglapastangan sa kapwa
    c. Paglapastangan sa magulang

12. Sinabi ni Jesus sa John 10:27-30 na binigyan niya ng buhay na walang hanggan ang Kanyang mga tupa at hindi sila ____________ kailanman. Walang _____________ sa kanila sa kamay Niya at ng Kanyang Ama.
    a. Maliligaw, makaaagaw
    b. Mapapahamak, makaaagaw
    c. Maaagaw, maloloko

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: May 20, 2022 Conrad Jun Tolosa All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.